

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Pang-abay na Pamanahon

Salungguhitan ang pang-abay na pamanahon sa pangungusap. Gumuhit ng *arrow* mula sa pang-abay hanggang sa pandiwa na inilalarawan ng pang-abay.

1. Sina Sandy at Michael ay nag-eehersisyo araw-araw.
2. Madalas ko silang nasasalubong sa parke.
3. Sabay kaming kumakain ng almusal paminsan-minsan.
4. Taun-taon ay sumasali kami sa paligsahan sa pagtakbo.
5. Si Michael ay isa sa mga unang natapos sa paligsahan noong isang taon.
6. Magsisimula na bukas ang pagpapalista sa paligsahan.
7. Ang paligsahan ay mag-uumpisa nang alas-singko ng umaga.
8. Kaming lahat ay maagang natulog kagabi.
9. Nakita ko ang aking mga kaibigan sa paligsahan kanina.
10. Nakamit ni Sandy ang unang gantimpala ngayon.
11. Mamaya ay babatiin ko sila sa kanilang tahanan.
12. Dumating kami sa bahay nila nang alas-otso ng gabi.
13. Nagbibisikleta ang mag-asawa tuwing tag-init.
14. Sasama ako sa kanila sa Baguio sa Abril.
15. Tatawagan ko sila sa Biyernes kung matutuloy kami.